**Kung sa tingin mong na-expose ka sa hepatits B, magpasuri sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.**



Hinihikayat ng FDA ang paglahok ng iba't ibang tao sa mga klinikal na pagsubok.

Kung sa tingin mong nararapat sa iyo ang isang klinikal na pagsubok, kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Maaari ka ring maghanap ng mga klinikal na pagsubok sa iyong lugar sa **www.clinicaltrials.gov**.

## PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON

www.fda.gov/HealthEquity

HealthEquity@fda.hhs.gov

1-888-INFO-FDA
(1-888-463-6332)

@FDAHealthEquity

FDA U.S. FOOD & DRUG ADMINISTRATION

# ALAMIN ANG IYONG KALAGAYAN AT GAMUTIN ANG HEPATITIS B



**Tanggapan ng FDA para sa Minority Kalusugan at Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan**

FDA



## Ano ang hepatitis B?

Ang virus ng Hepatitis B (HBV) ay nagdudulot ng pamamaga ng atay. Kung hindi ito gagamutin, maaari itong humantong sa panghabangbuhay na mga problema sa kalusugan at malubhang pinsala sa atay. Ang pinakamagandang paraan para maiwasan ang impeksiyon ng HBV sa mga bata at matanda ay pagbabakuna.

Naikakalat ang Hepatitis B kapag nagkaroon ng kontak ang isang tao sa dugo, semen, o ibang likido ng katawan mula sa taong may sakit nito. Maaaring mahawaan ang mga tao ng virus mula sa:

- pakikipagtalik sa partner na may sakit nito
- pagbabahagi ng mga karayom, hiringgilya, o gamit sa paghahanda ng gamot
- ina papunta sa anak sa panganganak
- pagkakaroon ng kontak sa dugo o mga bukas na sugat ng taong may sakit nito
- mga karayom o mga pagkaka-expose sa matatalas na instrumento
- pagbabahagi ng mga gamit (tulad ng mga pang-ahit at sipilyo) sa taong may sakit nito

Ang HBV ay **hindi** naikakalat sa pamamagitan ng:

- pagkain o tubig
- pagbabahagi ng mga kubiyertos sa pagkain
- pagpapasuso
- pagyakap
- paghahalikan
- paghawak ng kamay
- pag-ubo
- pagbahin



Ang Hepatitis B ay maaaring acute (panandaliang) na impeksyon para sa ilang tao. Para sa ibang tao, nananatili ang HBV sa kanilang katawan, na nagiging chronic (pangmatagalan) na impeksyon. Ang chronic na impeksyon ay maaaring humantong sa malubhang pinsala sa atay tulad ng scarring, paninigas, at pagpalya, na maaaring humantong sa kamatayan. Ang posibilidad na magiging chronic HBV mula sa acute ay iba-iba ayon sa edad. Kung magkakaroon ng HBV nang mas bata pa ang edad, mas malaki ang tiyansang magkaroon ng chronic na impeksyon sa katagalan.



## Magpasuri at malaman ang iyong kalagayan!

Maraming tao na mayroong chronic na HBV ay hindi alam na mayroon sila nito dahil hindi sila mukhang may sakit o nakakaramdam na may sakit. Gayunpaman, maaari pa rin nilang maihawa ang virus sa iba.

Matutukoy ng pagsusuri ng dugo ang iyong kalagayan kung ikaw ba ay nagkaroon dati ng HBV, kasalukuyang may HBV, o hindi nagkaroon. Ang mga taong namumuhay nang mayroong chronic na HBV ay dapat palaging tingnan para sa mga palatandaan ng sakit sa atay at suriin para sa mga posibleng opsyon ng paggamot.



## Paano ginagamot ang Hepatitis B?

Karaniwang hindi ginagamot ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang HBV maliban kung ito ay magiging chronic. Ang pagpapahinga, pagkain ng masusustansiyang pagkain, at pag-inom ng maraming tubig ay matutulungan kang gumaling mula sa acute na HBV.

Kung ikaw ay namumuhay nang mayroong chronic na HBV, kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa pagsisimula ng rehimen sa paggamot. Mayroong tatlong uri ng opsyon ng paggamot para sa chronic HBV.

- **Mga gamot na laban sa virus:** Iniinom ang mga gamot para tulungan ang katawan na labanan ang virus at pababain ang mga tiyansa ng pinsala sa atay.
- **Mga iniksyon ng interferon:** Mga iniksyon na may mga interferon, na mga substance na ginagawa ng mga selula sa katawan para tumulong na labanan ang mga impeksyon.
- **Transplant ng atay:** Kung hahantong ang chronic hepatitis B sa pagpalya ng atay o kanser sa atay, maaaring kailanganin mo ng transplant ng atay bilang huling magagawa para rito. Ang transplant ay operasyon na inaalis ang hindi malusog na atay at pinapalitan ito ng malusog na atay mula sa isang donor.

